Australian Government

Fair Work OMBUDSMAN

Tulong sa Lengguwahe

Mula ss unang araw ng Hulyo 2009 magkakaroon ng mga pagbabago sa mga batas ukol sa mga ugnayan sa lugar pantrabaho sa Australia.

Inilalarawan ng bagong mga batas ang mga karapatan at mga katungkulan ng mga tao sa trabaho.

Maaapektuhan ng mga pagbabago ang karamihang mga lugar pantrabaho sa Australia.

Ang ilang mga karapatan at mga tungkuling ito ay tungkol sa:

- kung magkano ang dapat ibayad sa mga empleyado
- mga karapatan sa bakasyon at mga kondisyon sa trabaho
- mga rekord na kailangang itago ng mga tagapag-empleyo
- paano makakakuha ng tulong ang mga empleyado at mga tagapag-empleyo kung sila ay may problema sa trabaho
- hindi nagtatangi, gaya halimbawa batay sa lahi, kasarian, piniling kasarian, edad, kapansanang pangkatawan o pangkaisipan, o kalagayan sa pag-aasawa.

Sino ang makatutulong?

May 2 organisasyon sa bagong sistema ng pambansang mga ugnayan sa lugar pantrabaho.

Ang mga ito ay ang Fair Work Australia at ang Fair Work Ombudsman.

Ang Fair Work Australia ay ang hukuman ng pambansang mga ugnayan sa lugar pantrabaho. Ito ay isang independiyenteng ahensiya na may kapangyarihang magsagawa ng ilang mga tungkuling may kaugnayan sa:

- ang safety net ng minimong mga pasahod at mga kondisyon sa trabaho
- enterprise bargaining
- pang-industriyang pagkilos
- paglutas ng mga pagtatalo
- pagtatapos ng trabaho
- iba pang mga usaping pantrabaho.

Ang Fair Work Ombudsman ay:

- nagbibigay ng pagpapayo at edukasyon ukol sa mga batas sa lugar pantrabaho sa Australia
- nagsusubaybay sa pagsunod at nag-iimbistiga sa mga di pagsunod sa mga pambansang batas sa lugar pantrabaho
- naglalathala ng impormasyon ukol sa mga karapatan at mga katungkulan sa lugar pantrabaho
- nagbibigay ng mga kagamitan at impormasyon para sa maliliit na mga negosyo.

Kailangan ng karagdagang impormasyon?

- Kontakin ang Linyang Pang-impormasyon ng Fair Work sa 13 13 94.
- Para sa mga pagsasaling-wika kontakin ang **Translating and Interpreting Service (TIS)** sa **131 450** para sa halaga ng lokal na tawag 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

This information has been provided by the Fair Work Ombudsman as general guidance only and should not be treated as legal advice. The relevant law is set out in the Fair Work *Act 2009* and the Fair Work *Regulations 2009*.

Last updated: 1 July 2009
© Copyright Fair Work Ombudsman